Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado

**Happy Birthday**
**Gov. Edgardo A.Tallado**

# Serbisyo Publiko pa rin sa kaarawan ni Gob. Tallado

## Malayong lugar ng Pag-asa at Calabasa sa Labo, dinayo

Sa halip na mag-*birthday leave* sa araw ng kanyang kaarawan noong Hulyo 9, 2012 at pansamantalang mag-*enjoy* ng kanyang personal na buhay, mas pinili ni Gob. Tallado na maglingkod sa kanyang minamahal na mga kababayan. Sa katunayan, nagtungo ang gobernador sa malayong barangay ng Pag-Asa at Kalabasa sa bayan ng Labo. *Sa barangay Kalabasa* ay direktang inihatid sa mga taga-rito ang iba't-ibang serbisyong medikal gaya ng libreng konsulta, gamot at bitamina; libreng pagbunot ng ngipin maliban sa iba pa. Pinaganda ang mga kababaehihan at mas naging gwapo ang mga kalalakihan doon dahil sa Handog Gupitan nina Mam Josie Baning-Tallado at Gob. Tallado kung saan, bata at matanda, lalaki at babae, ay binigyan ng libreng paggupit ng buhok at *hair dye* at *hot oil treatment* man.

Dito ay 236 ang nabigyan ng reading glass; 141 ang nagupitan; 87 na hot oil; 15 natina; 64 nabunutan ng ngipin at 10 ang napagkalooban ng tilapia fingerlings. Sa kabuuan ay 553 ang naserbisyuhan dito base

(Sundan sa pahina 3)





*Makikita sa larawan si Gob. Egay A. Tallado para sa switch-ing-on ng daloy ng kuryente sa kasama si Gng. Josie B. Tallado, Vice Governor Jonah G. Pimentel, Engr. Henry L. Zano ng CANORECO at mga opisyales ng barangay Pag-Asa sa pangunguna ni PB Encarnacion (nakaberde)*

## Nilalaman

ICC Stickers sa Helmet 2
Kabertday ni Gob may premyo 2
109 brgy kasali sa KALAHI-CIDSS 3
Pagbabawal sa Mina ipinaliwanag ng MGB 3
Cong. Riza Hontiveroz nakisaya sa Bday ni Gob. Egay 4
Keynote Address 4
1st PDRR & Climate Change Skills Olympics 5
Hebigats tampok sa Cycling Competition 5
Mercury Free School 6
21 brgys narrating ng MSC sa Hulyo 7
Brgy Food Terminal sa Sabang Vinzons 7
Provet nagsagawa ng Artificial Insemination 7
13,320 forest seedlings ipinamahagi 7
Pasisimulan FMR Capacuan 8
PPOC tinalakay ang milyong proyekto 8

# PASINAYA NG KURYENTE sa Pag-Asa, Labo, sa kaarawan ni Gob. Tallado

Itinaon talaga ni Gob. Tallado sa kanyang kaarawan ang pagpapasinaya dahil mas lubos ang kanyang kagalakan na sa kanyang kaarawan ay maihandog ang isang napakahalagang serbisyo na hinintay ng matagal na mga taga-Pag Asa.

Sa panayam kay Punong Barangay Armando Encarnacion , sinabi niya na matagal nang nag-hirap ang kanilang barangay sa kawalan ng kuryente. Dagdag pa niya na simulat sapul ay problema na nila ang kuryente. Ngayon lang ito naisakatuparan pagkaraan ng maraming taon. Ipinaabot niya ang kanyang lubos na pasasalamat kay Gob. Tallado dahil sa pamamagi-

(Sundan sa pahina 2)

**HUNYO 9, 2012, ito ay petsang hindi makakalimutan sa kasaysayan ng Barangay Pag-asa na sa araw na ito isinagawa ang pagpapasinaya ng Electrification Project ni Gob. Edgardo A. Tallado na nagdiriwang ng kaarawan sa araw na iyon.**



# ICC stickers sa helmet, ipinatutupad na ng DTI

Sinimulan ng ipatupad noong Lunes, Hulyo 9 ng Department of Trade and Industry (DTI) sa Camarines Norte ang pag-isyu ng Import Commodity Clearance (ICC) stickers sa mga helmet at visor na ginagamit ng mga motorista.

Ito ay batay sa Bureau of Product Standard (BPS) memorandum circular no. 01-A series of 2012 na paraan sa pag-isyu ng ICC stickers ng helmet/visor at ng Republic Act 10054 o Motorcycle Helmet Act na ipinatutupad ng Land Transportation Office (LTO).

Ayon kay Senior Trade and Industry Development Specialist Violeta F. Farro ng DTI, kailangan na magsadya sa kanilang tanggapan ang mga motorista upang magsumite ng aplikasyon at malagyan ng ICC sticker ang kanilang mga helmet.

Dagdag pa niya, ang mga motorista na may helmet at dati ng may ICC sticker ay hindi na sila kailangan mag-aplay kung hindi magsadya pa rin sa kanilang tanggapan upang masuri ito.

Dapat rin na matibay ang bahagi ng helmet at kumpleto, hindi basag at walang sira, nakikita dapat ang brand name nito at hindi ito pinalitan, kailangan din na may kalidad at pasado ito sa pagsusuri ng DTI.Ito ay batay pa rin sa BPS memorandum circular no. 01-A.

Ayon pa rin kay Farro, makikita din sa tanggapan ng DTI ang talaan ng ibat-ibang brand ng helmet na kailangan isyuhan ng ICC sticker.

Ang pagkuha ng sticker ay may halagang dapat na bayaran, P100 sa motorcycle processing fee at P1.25 para sa ICC sticker o kabuuang P101.25. *(ROV/PIA Camarines Norte)*

# Pasinaya ng kuryente...

*(Mula sa pahina 1)*

tan ng kanyang pamamahala at sa suportang ibingay sa barangay Pag-asa. Maganda talaga ang kanyang panunungkulan dahil ang lahat ng problema sa kanyang nasasakupan ay unti-unti niyang natutugunan ng kaunlaran, sabi pa ni kapitan.

Itinaguyod ng gobernador ang proyekto sa layuning magliwanag hindi lamang ang kanilang tahanan kundi ang kanilang kinabukasan man. Inaasahan ng gobernador na dahil sa elektrisidad, mas makapag-aaral nang husto ang mga estudyante; mapapabilis ang mga gawaing-bukid, maliban sa iba pa.

Ipinabatid din ni PB Encarnacion na agad ay tumugon din si Gob. Tallado sa kanyang pakiusap na madagdagan pa ang mga bahay na mabibigyan daloy ng kuryente. Sinabi ni Gob. Tallado na paglalaanan niya ng pondo pati na rin ang farm to market road. Bumati rin si PB Encarnacion ng maligayang kaarawan kay Gob. Tallado at nagsabing hindi nila malilimutan angpanunungkulan ni Gob Tallado.

Ang barangay Pag–Asa ay isa sa 52 barangays ng Labo at ito ay may layong halos 28 km mula sa poblacion ng Labo. May lawak itong 5,369 ektaryang lupain at nakapaligid dito ang mga barangay ng Calabasa, Maot at Submakin sa Hilaga at lalawigan ng Quezon sa timog, brgy Baay sa Silangan at mga barangay ng Macogon, Exciban at Dumagmang naman sa kanluran Binubuo ito ng 7 purok . Mayroon itong sambahayan na 269 o kabuuang populasyon na 1,142 (Source: CBMS survey 2006) *R. Rosario*



*Ang linya ng kuryente sa Pag-Asa, Labo at ang mga mamamayan na matagal nang inasam ito.*

# Pasisimulan...

*(Mula sa pahina 8)*

pagtitiyaga ni Gob. Tallado na makahingi ng tulong sa mga matataas na opisyal ng iba*'t-ibang pamahalaang nasyonal.* *Mapalad ang Camarines Norte na mapabilang sa 18 lalawigan sa bansa na nabigyan ng naturang foreign -assisted project* ng *DAR* katuwang ang *Asian Development Bank.* ***LORENA DELA TORRE IBASCO***

*Makikita si Gob. Tallado na nakapayong at kasabay na naglalakad ang mga mamamayan ng Capacuan, Paracale patungo sa ground breaking ng kalsada isasagawa doon.*



*Sina Engr. Henry L. Zano, Engr. Henry I. Sendon, Acting GM ng Canoreco, Gob. Egay Tallado at Vice Governor Jonah G. Pimentel. Kuha ang larawang itong sa Pag-asa , Labo sa pasinaya ng kuryente doon*



# Kabertday ni Gob may premyo!

Sa pamamagitan ng himpilan ng Radyo ng Bayan, ay nagsagawa ng patimpalak para sa mga may kaarawan ng Hulyo 9 kasabay ng kaarawan ni Gob. Edgardo A. Tallado.

Isang lingo bago ang Hulyo 9, ay araw-araw tinatawagan na sa Radyo ng Bayan sa pamamagitan ng programang "Magandang Umaga Camarines Norte" ni Ka barangay Efren Espanol at Ivy Consuelo Garcia, na magpatala sa kanilang himpilan o sa opisina ni gob ang kanyang mga kabertday. Tumanggap pabuyang halaga mula sa personal na bulsa ni Gob. Tallado ang mga sumali sa katuwaang patimpalak na makikita sa listahan sa ibaba ang kanilang mga pangalan. May mga ilan pang hindi napasama sa talaan .

| | A | B |
|---|---|---|
| 1 | NAME | ADDRESS |
| 2 | Julie Ann Dino | |
| 3 | Josef Nikolai Valeros | Bagumbayan, Paracale |
| 4 | Enriz Alvan Grateja | Brgy. Pinya, Labo |
| 5 | Alicia O. Espiritu | |
| 6 | Joseph E. Zulieta | |
| 7 | Philmarc T. Elmedo | Binanuaan, Talisay |
| 8 | Maria Luneza I. Protacio | Lag-on, Daet |
| 9 | Rei Virgelle Zantua | Brgy. III, Daet |
| 10 | Santiago C. Bodino Jr. | Gubat, Daet |
| 11 | Warin V. Estacion | Bagong Silang II, Labo |
| 12 | Nichole Shane B. Obarco | Brgy. 5, Mercedes |
| 13 | Bernadeth Rose E. Pine | Purok 6, Del Rosario, Mercedes |
| 14 | Anthony B. Dumalasa | Mercedes |
| 15 | Estrella S. Factor | Barrio Laniton, Daet |
| 16 | Kyla D. Carillo | Brgy. 5, Daet |
| 17 | Arjay M. Palamiano | Alawihao, Daet |
| 18 | Princess Jean I. Maigue | Calangcawan Sur, Vinzons |
| 19 | Nicole Ann B. Quintela | Malasugui, Labo |
| 20 | Gloria S. Cabanes | Daet, Camarines Norte |
| 21 | Arvin M. Romana | |
| 22 | Lorenz T. Mago | Talobatib, Labo |
| 23 | Teresita G. Echano | Camambugan, Daet |
| 24 | Nixon P. Palaroan | |
| 25 | Anna Rose D. Cambel | Bagong Silang II, Labo |
| 26 | Jojo B. Aloc Jr. | Rada St. Talisay, |
| 27 | Jobert B. Pajares | Singi, Vinzons |
| 28 | Sheena Marie Alcanzo | Maybato, Paracale |
| 29 | Rica Mae B. Jalimao | Lag-on, Daet |
| 30 | Rey G. Muceros | Moreno, Daet |
| 31 | Cerilo D. Samosa | Vinzons |
| 32 | Gabriel D. Samosa | Brgy. I, Vinzons |
| 33 | Rener R. Nipas | San Pascual, Basud |
| 34 | Christian F. Cama | Daculangbolo, San Lorenzo Ruiz |
| 35 | Emilia De Leon | |
| 36 | Aldwin Jae E. Nagera | Brgy. Gubat, Daet |
| 37 | Nikko Angelo A. Bacuno | Purok III, San Roque, Mercedes |
| 38 | Rex S. Pajarin | Bagong Silang II, Labo |
| 39 | Roberto Gener Camara | |
| 40 | Vincent A. Dasco Jr. | Plaridel, Basud |
| 41 | Ma. Cecilia V. Baliwag | Calaguas, Vinzons |
| 42 | Rona V. Tarroquin | Fundado, Labo |
| 43 | Rocelyn C. Dela Cruz | Vinzons |
| 44 | Salvador Samonte | Basud |
| 45 | Aliyah Reesa N. Mendez | Brgy. Cobangbang, Daet |
| 46 | Leodan M. Sorilo | Bagong Silang III, Labo |
| 47 | Bernadette B. Malubag | Bagong Silang I, Labo |
| 48 | Jerome F. Ubana | |
| 49 | Rachelle Anne S. Avellana | Daet, Camarines Norte |
| 50 | Lourdes C. Lavaro | Daet, Camarines Norte |
| 51 | Maria Teresa Bacerdo | Brgy. Gubat, Daet |
| 52 | Romelyn E. Dayon | Mercedes, Camarines Norte |
| 53 | Raymond Anthony S. Asir | Doongan, Vinzons |
| 54 | Ariel C. Abuyo | Gabon, Talisay |
| 55 | Mico L. King | |
| 56 | Edmar S. Toreda | Brgy. Binanuaan, Talisay |
| 57 | Zenaida B. Diaz | Brgy. 3, Mercedes |
| 58 | Lemuel S. Alaon | Malatap, Labo |
| 59 | Rachelle Ann F. Camara | Malatap, Labo |
| 60 | Beverly E. Emperador | Bulhao, Labo |
| 61 | Anita M. Placio | Matango, Vinzons |
| 62 | Cristine Joy O. Rieza | Talobatib, Labo |
| 63 | Rose Ann P. Dela Pena | Matango, Vinzons |
| 64 | Crispin Cama Guapa | Guinatungan, Basud |
| 65 | Ramon N. Gumamela | Dagang, Paracale |
| 66 | Cirila Octa | Fundado, Labo |
| 67 | Andrea Justine Camacho | Moreno, Daet |
| 68 | Theresa S. Albania | Sto. Nino, Talisay |
| 69 | Dindo B. Taliao | Magallanes- Iraya, Daet |

# 109 barangay sa Camarines Norte kasali sa KALAHI-CIDSS

Umabot sa 109 na mga barangay ng apat na bayan ng lalawigan ang benepisyaryo ng Kapit Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (KALAHI-CIDSS) ng Department of Social Welfare and Development (DSWD).

Sinabi ni Assistant Regional Dir. Evelyn M. Lontok sa isinagawang pagpupulong kamakailan ng Provincial Inter-Agency Committee (PIAC) na mahigit P49 milyon ang ibinigay ng Millenium Challenge Corporation (MCC) para sa mga proyekto sa apat na bayan kung saan may karagdagang halaga ang magmumula sa benepisyaryong barangay, munisipyo at komunidad.

Sa 109 barangay, 19 sa bayan ng Sta. Elena, 29 sa Basud, 52 sa Labo at siyam sa San Vicente. Sa bayan ng Sta. Elena sa ilalim ng Makamasang Tugon ng KALAHI-CIDSS ay mayroong 11 proyektong imprastraktura na umaabot sa P10.8 milyon, kung saan P8.4 milyon ay mula sa MCC at ang natitirang P2.4 milyon ay mula sa barangay, pamahalaang bayan at mga komunidad.

Ang nasabing 11 proyektong inprastraktura ay patuloy na ginagawa kung saan nasa 35 porsiyento hanggang 84.20 porsiyento ang natatapos dito kabilang ang limang kalsada o farm to market roads at anim na mga paaralan at gusaling pangkalusugan na target na tapusin ngayong taon.

Sa Basud, Labo at San Vicente na may pondong P13.05 milyon, P23.4 milyon at P4.05 milyon ay nakapagsagawa na ng mga pangunang gawain sa pagsisimula ngayong taon at target na matatapos sa taong 2015 sa ilalim ng regular na programa ng KALAHI-CIDSS.

Ang naturang tatlong bayan ay nakapagsagawa ng pagbibigay ng impormasyon sa mga bayan at unang pagpupulong sa mga barangay.

Ang bayan ng Basud ay nakapagsagawa na ng participatory situational analysis at pangalawang pagpupulong sa mga barangay samantalang patuloy naman ito sa Labo at San Vicente.

Ang KALAHI-CIDSS bilang proyektong kasama ang komunidad sa pagpapatupad ng DSWD, ang mga benepisyaryo sa barangay at ang kanilang mga lokal na pamahalaan ay sinasanay na pumili at magpatakbo ng mga iba't ibang proyekto o programa na makakatugon sa mga higit na pangangailangan ng kanilang mga lugar.

Ang Provincial Inter-Agency Committee ng KALAHI CIDSS sa Camarines Norte ay pinangunguluhan ni Gob. Edgardo A. Tallado. Ang "monitoring, technical assistance at fund augmentation" ay ang mga gawaing nakaatang sa pamahalaang panlalawigan *(MAL/RBM-PIA5/ Camarines Norte)*

# Pagbabawal sa pagmimina sa Paracale, ipinaliwanag ng MGB

Ipinaliwanag ni Engr. Danilo Sombanon ng Mines and Geosciences Bureau ng Department of Environment and Natural Resources (MGB -DENR) sa isinagawang sesyon ng Sanguniang Panlalawigan noong Huwebes, Hulyo 12 kung bakit ipinagbawal ang pagmimina sa bayan ng Paracale.

Ito ay sa harap ng pag-apila ng mga financers at minero ng small scale mining sa Sanguniang Panlalawigan upang maibalik na ang pagmimina sa naturang bayan matapos itong ipagbawal ng Disyembre ng nakaraang taon.

Sinabi ni Sombanon na lubha ng mapanganib ang pagmimina lalong lalo na sa barangay Palanas ng naturang bayan matapos magkaroon ng insidente at naging sanhi ng pagkamatay ng dalawang minero base sa ulat na nakarating sa kanilang tanggapan.

Ayon sa kaniya ng nagkaroon ng blasting nadamay ang boundary wall ng dagat at ng minahan kung kayat nakapasok ang tubig dagat sa ilalim ng minahan na naging sanhi ng pagkalunod ng mga biktima.

Sa apila naman ng nasabing grupo sa opisina ni Gob. Edgardo Tallado naging kasunduan na magpapadala ng petisyon sa MGB-DENR ang mga financers at mga minero na humihiling na ibalik ang pagmimina sa naturang bayan. (RBM/ PIA Camarines Norte)

# Serbisyo...

*(Mula sa pahina 1)*

lamang sa mga nagpatala.

Maliban sa *caravan*, sa Kalabasa ay pinamunuan din ni Gob. Tallado ang inagurasyon ng proyektong pailaw para sa mga mamamayan ng Brgy. Pag-asa. Sa pagtungo niya sa barangay Pag_asa ay kasama din niya ang "dental team" para sa libreng bunot ng ngipin.

Bago ang multi-services caravan ay naunang isinagawa *Gov. Egay Tallado Cycling Competition (Governor's Cup)* . Sa kabila ng maghapong Gawain at serbisyo publiko, masigla pa ring hinarap ni Gob. Tallado ang mga dumalo sa salo-salong inihanda para sa kanyang kaarawan sa Agro Sports Center. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***










38th NUTRITION MONTH JULY 2012 "Pagkain ng gulay ugaliin, araw-araw itong ihain!"

## Keynote Address of Pres. Benigno S. Aquino Jr. 2012 National Nutrition Month

President Benigno S. Aquino III graced the 2012 National Nutrition Awarding Ceremony held at the Reception Hall of the Philippine International Convention Center (PICC) in Pasay City. his keynote address, President Aquino highlighted the importance of investing in health and nutrition programs in cultivating national development. The President went on to commend everyone for successfully reducing the nation's malnutrition rate among children under five from 26.5% in 1992 to 20.2% in 2011. However, he recognized the need for accelerated and intensified efforts in order to further reduce that and achieve one of the country's commitments to the Millennium Development Goals (MDGs).

He cited the significance of the first 1,000 days of an infant, the promotion of exclusive breastfeeding, establishment of lactation stations in public areas, and the regulation of marketing of infant formulas, as among the strategies that need to be intensified towards the achievement of this goal. He also cited relevant government programs such as the supplementary feeding program for day care center children and the Pantawid Pamilyang Pilipino Program, as among the important government programs that can greatly contribute in the nation's efforts of achieving the targets of MDG 1.

Toward this end, the President called on relevant government agencies to intensify and accelerate the said strategies and efforts because as public servants, it is clearly our duty to take care of our children, for they are the ones who will inherit and continue what we have started.

The President emphasized that *"Ang bawa't hakbang naman po na isinasagawa natin ay nakasandig pa rin sa iisang layunin: ang pangalagaan ang kapakanan ng mga Pilipino, at bigyan sila ng mas malawak na pagkakataon sa kaunlaran. Para po sa ating mga kabataan—ang malamnan ang kanilang tiyan ng masustansyang pagkain at mapangalagaan ang kanilang pangangatawan, ang mapagyaman ang kanilang isip sa de kaledad na edukasyon, at mapag-alab ang kanilang puso ng pag-asa't pagmamahal sa bayan. Malinaw po sa atin: sila ang mga Juanito at Juanita dela Cruz na magmamana sa nasimulan na nating laban; sila ang susunod na salinlahing magpapatuloy sa pag-aabot sa inaasam nating mas maginhawang kinabukasan."*

*Sa larawan sa kanan ay sina Engr. Pol Badiola, Francia Pajares, Myrna Sendon, Ruby Gache, Reby Cuano mga hepe ng tanggapan sa kapitolyo na nakisaya sa pagdiriwang ng kaarawan ni Gob Tallado.*

# Gob Egay nagdiwang ng kaarawan

## Cong. Riza Hontiveros Baraquel, nakisaya





*Si. Congresswoman Riza Hontiveros Baraquel ng AKBAYAN Party List*



Makikita sa larawan sina (L-R) Prov'l. Admin Joey Boma, Vice Governor Jonah Pimentel, Mrs. Josefina B. Tallado, dating CN Rep Liway Vinzons-Chato, Cong. Risa Hontiveros Baraquel, Mayor Alex Pajarillo, Mayor Tito Sarion at PD Jose Lipa Capinpin.



*Ang mag-anak ni Gob. Tallado na nagpaunlak ng awitin na ikinatuwa ng mga naroroon*



Nagdiwang si Gob. Edgardo A. Tallado ng kanyang kaarawan noong Hulyo 9, 2012 na ginanap sa Agro Sports Center.

Nakisaya si *Congresswoman* Risa Hontiveros-Baraquel sa pagdiriwang. Si Hontiveros-Baraquel ay nasa ikalawang termino bilang kinatawan ng Akbayan *Party List at tulad ni Gob. Tallado kabilang din siya sa Lapiang Liberal.*

Dumating din ang dating kongresista Liwayway Vinzons Chato na ikinatuwa ni Gob Tallado.

Masaya ang okasyon lalo na nang maghandog ng awitin si Gob Egay kasama ang kanyang kabiyak na si Josie at ang kanilang nag-iisang anak na si Alvin.

Napakaraming dumalo at bumati sa kaarawan ng gobernador tulad nina Bise Gobernador Jonah Pimentel kasama ang mga miyembro ng Sangguniang panlalawigan, mga punong bayan at iba pang opsiyal ng mga bayan at barangay, opisyal at kawani ng lahat ng sangay ng pamahalaang panlalawigan, pambansang ahensya at tanggapan, mga pinuno ng simbahang Katoliko at iba pang grupong panrelihiyon, pribadong sektor, sosyo-sibikong organisasyon, at marami pang iba. ***LT-IBASCO***

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

***EDITORIAL BOARD:*** Governor Edgardo A. Tallado, Chairman; Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator Jose G. Boma, Vice Chairman; PDIC-PIA, CAO IV Purita P. Briñas, Atty. Ludivina G. Francisco, Private Secretary/Tourism Officer Designate, DWCN-FM Stn. Manager Rikki Vito, and Museum Curator I Abel C. Icatlo , members.

***EDITORS:*** Purita P. Briñas, executive editor; Lorena T. Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Engr. Wilson V. Porcincula, art/design.

***OFFICIAL PHOTOGRAPHER*** – Luigi Martin P. Querubin.

***CIRCULATION*** - Marcial P. Ferrer

***INFORMATION OFFICER DESIGNATES:*** OPAg-Melinda L. Jerez; ProVet-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte; PTO-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra; PEO -Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza; PPDO-Marilyn P. Asis; MASCD-G.O.- Aida B. Pandeagua; GSO-Gina B. Racelis, PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Q. Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-G.O.—Dario C. Dime; PCSSD-PGII Virgel T. Zantua; PAssO-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor; PLO-Donna A. Guevarra; PAcctO-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimene & Lilian Rafon; PSEMO-Arnel S. Ferrer, Ernesto R. Andaya.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Development Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pa-ngalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahilingan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# 1st PDRR & Climate Change Adaptation Skills Olympics
# P15,000 para sa Over-all winner bawat kategorya

Isinagawa ang *1st Provincial Disaster Risk Reduction and Climate Change Adaptation Skills Olympics* 2012 na idaraos sa Sanayang Pangkaligtasan ng Camarines Norte na nasa Sitio Mat-I, Brgy. Sto. Domingo, Vinzons sa loob ng 5-araw, g Hulyo 24-28 bilang pakikiisa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pagdiriwang ng buong bansa ng *National Disaster Consciousness Month (NDCM)* ngayong taon na may temang, "Ligtas na Bayan, Maunlad na Pamayanan".

Naging panauhing pandangal dito sina DILG Regional Director Blandino Maceda; OCD Regional Dir. Bernardo R. Alejandro IV, at DepEd Division Superintendent Arnulfo Balane.

Layuning mataya ang *impact* o naging impluwensya ng *disaster preparedness advocacies* ng pamahalaang panlalawigan sa iba't-ibang sektor ng komunidad. Kasama rito ang masubok ang antas ng kaalaman at kasanayan ng mga *emergency volunteers* mula sa *youth* at *adult sectors*

Ang olimpiyada ay may dalawang kategorya, ang Super Batang Kalasag (SBK) *Categories* na hinati sa *elementary, high school* at *college categories*, at ang *Emergency Responders Categories* na kinabibilangan ng *MEAT, BEAT* at *professional volunteers categories*.

Nagtagisan sa kaalaman, kasanayan at abilidad ang mga kalahok dahil sa premyong P15,000.00 sa *over-all winner* sa bawat kategorya; P10,000.00 – *first runner up* at P5,000.00 – *2nd runner-up*. Ang nanalo naman ng unang pwesto sa bawat *event* ay tumanggap ng P500.00 gantimpala; ikalawang pwesto – P300.00 at ikatlong pwesto – P200.00. Ang

*(Sundan sa pahina 6)*




***"Nais ko na mapaunlad ang kamalayan ng publiko sa mga angkop na pag-aksyon sa iba't-ibang kalamidad at sitwasyong pang-emerhensya", sabi ni ni Gob. Tallado***





Sa itaas ay ang panauhing pandangal na si Regional Director Blandino Maceda ng DILG. Sa larawan sa kaliwa ay si Dr. Carlos Galvez, hepe ng Provincial Risk Reduction Management Office











Nasa larawan sa itaas ang lumahok na 1,704 kabataan at adult responders at ang iba pang larawan na nagpapakita ng mga isinagawang umpetisyon. Sa larawan sa dulong kanan ay ang mga kawani ng PDDDRO na siyang namahala ng PDRR Skills Olympics

# HEBIGATS
## Tampok sa Governor's Cup Cycling competition



Isa sa tampok na Gawain sa pagdiriwang ng kaarawan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang Governor's Cup-CYLCING COMPETITION na may apat (4) na kategorya: Siklistang CamNorteño; *Novice; Executive*, at Hebigat.

Ang ruta ng kumpetisyon para sa 4 na kategorya ay pare-parehong sinimulan sa *Provincial Capitol Grounds* ngunit nagtapos sa iba't-ibang lugar. Ang pagbisikleta ng mga sumali sa kategoryang Siklistang CamNorteño ay nagtapos sa Brgy. Bagong Silang, Labo; Novice – Brgy. Daguit, Labo; *Executive* – Brgy. Talobatib, Labo, at Hebigat – bayan ng Labo.

Ang Siklistang CamNorteño ay para sa mga *professional* at *amateur cyclists* habang ang *novice* ay para sa mga *beginner cyclists* na mga residente ng Camarines Norte na edad 15 taon at pataas.

Ang *executive category* naman ay para sa mga may *big tummies* na

*(Sundan sa pahina 6)*

# 1st PDRR...

(Mula sa pahina 5)

mangunguna sa *special event (Cheering/Yelling Contest)* ay maiuuwi ang premyong P3,000.00; P2,000.00 – pangalawang pwesto at P1,000.00 – pangatlong pwesto. Walang talo sa olimpiyada, ika nga, sapagkat ang bawat kalahok na grupo ay pagkakalooban ng P2,000.00 bilang *participation incentive* kung saan *P1,000.00* ay *in cash* at P1,500.00 *in kind.*

*Ang Olympic Proper (Academic Portion) ay kinapapalooban ng* SBK *Quiz Relay (Elem./High School)* at *Problem Solving I (College/BEAT/MEAT/ Professional); Quick Relay (College/BEAT/MEAT/ Prof.),* at *Problem Solving I (Elem/High School); Typhoon T&P (SBK-Elem./ HS) at Incident Reporting (College/BEAT/MEAT/ Prof.), Typhoon T&P (College/BEAT/MEAT/ Prof.) at Incident Reporting – ( SBK-Elem./HS).*

Ang mga ahensyang nakatuwang dito ng pamahalaang panlalawigan ay ang *Office of the Civil Defense (OCD) Region 5, Legazpi City; Department of the Interior and Local Government (DILG), Department of Education (DepEd), Bureau of Fire Protection (BFP)* at *Philippine Red Cross (PRC) Camarines Norte Chapter.* ***LORENA DELA TORRE- IBASCO***

Mga Nagwagi sa 1ST PDRR & CCA OLYMPICS

ELEMENTARY SCHOOL CATEGORY:

| | |
|---|---|
| 1ST place | **CAMARINES NORTE STATE COLLEGE** |
| 2ND place | **MERCEDES DISTRCIT TEAM 3** |
| 3RD place | **MERCEDES DISTRICT TEAM 2** |

HIGH SCHOOL CATEGORY:

| | |
|---|---|
| 1ST place | **CAMARINES NORTE STATE COLLEGE** |
| 2ND place | **MERCEDES DISTRCIT TEAM 4** |
| 3RD place | **MERCEDES DISTRICT TEAM 3** |

COLLEGE CATEGORY:

| | |
|---|---|
| 1ST place | **CAMARINES NORTE STATE COLLEGE** |
| 2ND place | **MABINI COLLEGE** |
| 3RD place | **CAMARINES NORTE SCHOOL OF LAW** |

BRGY EMERGENCY ACTION TEAM: **TALOBATIB, LABO**
MUNICIPAL EMERGENCY ACTION TEAM: **MERCEDES**

PROFESSIONAL CATEGORY: **CANORA**

# PROVET ...

(Mula sa pahina 7)

semination na umaabot sa 106 na inahing baka at 127 naman sa kalabaw.

Matatandaan din noong nakaraang taon, umabot sa 520 mga hayop ang nabigyan ng libreng artificial insemination na nakapagbigay ng 87 na baka at 10 kalabaw.

Samantala, nakatakdang magsagawa ang tanggapan ng Provet ng Estrus Synchronization, Heat Detection at Artificial Insemination para sa kalabaw sa mga barangay ng bayan ng Labo sa ika-25 ng Hulyo para sa barangay ng Exciban at Macogon samantalang ang barangay ng Tigbinan, Bagong Silang II at Anamean ay sa Hulyo 26.

Ang Artificial Insemination ay isa sa mga programang isinasagawa ng ProVet upang mapataas ang lahi ng mga natural na baka at kalabaw sa lalawigan ng Camarines Norte. (MAL/ROV-PIA5 Camarines Norte)

# PPOC tinalakay ...

(Mula sa pahina 8)

Gobernador Edgardo Tallado bilang Chairman ng PPOC pag-uusapan rin ang mga sitwasyon sa kaayusan at katahimikan sa lalawigan kung saan magbibigay ng updates ang mga hepe ng Philippine National Police, Philippine Drug Enforcement Agency, Philippine Army, Criminal Investigation and Detection Group, PNP Maritime at Traffic Management Group.

Gayundin, tatalakayin ang kalagayan ng programa sa Social Integration para naman sa mga dating rebelde na nagbalik loob na sa pamahalaan. (MAL/RBM -PIA5 Camarines Norte)

Ang pagpupulong ng Provincial Peace and Order Council noong ika -27 ng Hunyo 2012 kung saan tinalagay ang pagbuo ng PAMANA Technical Working Group



# Mercury Free School isinusulong ng Ban Toxic

Tinalakay ng Ban Toxics ang adbokasiya nito kontra sa paggamit ng Mercury o Asoge kaugnay sa isinagawang Mercury-Free Schools Workshop para sa mga guro noong Huwebes, Hulyo 26.

Ito ay isinagawa ng dalawang araw na nahahati sa dalawang batch para sa Bikol at Tagalog speaking municipalities mula sa mga guro sa agham ng pampublikong paaralan sa lalawigan ng Camarines Norte.

Tinalakay sa pagsasanay kung saan nagmumula ang Mercury at paano gamitin sa pamamagitan ng pagmimina ng ginto, kung paano maapektuhan ang mga bata na sumasama sa lugar ng minahan at ang epekto nito sa kamag-aral ganundin ang paggamit ng asoge sa loob ng tahanan.Ang Ban Toxics ay isang nongovernment organizations na layuning mapigil ang paggamit ng nakalalasong elemento sa katawan ng tao kung saan nagsasagawa ng adbokasiya upang matigil ang paggamit ng Mercury.

Ayon sa pahayag ni Coordinator Beng Reyes Ong ng Mercury-Free Schools Program ng Ban Toxics, ang nasabing programa ay isang gawain para sa mga guro kung saan una nilang pinagtuunan ng pansin ang mga paaralan sa pagpapaabot ng impormasyon.

Ito ay upang maiparating sa mga magulang ng mga kabataan na nagtatrabaho sa mga minahan ang masamang epekto ng Mercury sa katawan ng tao lalo na sa mga bata ganundin maging alerto ang publiko sa paggamit nito.

Dagdag pa niya, may mga dapat ingatan sa loob ng tahanan sa mga kagamitan na may Mercury katulad ng baterya (digital), ilaw (compact fluorescent light), thermometer at blood pressure apparatus.

Kung ang mga kagamitan na hindi na ginagamit ay kailangang ilagay ito sa tamang lugar at itago ng mabuti na hindi maaabot o mapaglalaruan ng mga bata.

Ayon pa rin kay Ong, ingatan din ang paggamit ng whitening cream o pampaputi sa balat ng tao dahil ito ay may halong sangkap ng Mercury kung saan kasama ito sa talaan ng mga produkto na ipinalabas ng tanggapan ng Department of Health (DOH) at Food and Drug Administration (FDA).

Paalala naman niya sa mga alahero o gumagawa ng mga alahas sa loob ng tahanan at gumagamit ng Mercury ay ilayo ang mga bata upang hindi ito maapektuhan

Ipinahayag naman ni National Coordinator Misael Joan Santos, nagsasagawa sila ng pagsasanay kung paano ang pagmimina ng ginto na hindi gumagamit ng Asoge kundi sa pamamagitan ng Borax.

Ang Borax ay isang natural na pulbos na ginagamit sa paglilinis sa loob ng tahanan na kung saan ito ay walang masamang epekto sa katawan ng tao dahil ito ay walang kemikal na nakalalason.

Ayon pa rin kay Santos, iwasan ng mga minero ang paggamit ng Mercury sa pagmimina at sa lahat ng aspeto dahil mayroon naman na alternatibo na maaaring gamitin.

Dagdag pa niya, sa kanilang mga ginawang pagsasanay at pag-aaral, ang Borax ay mas mataas ang gintong nakukuha kahit wala itong asoge at kailangan rin na matutunan kung paano ito gamitin. (MAL/ROV-PIA5, Camarines Norte)

# HEBIGATS...

(Mula sa pahina 5)

edad 35 taon at pataas, may timbang na 75 kilo o higit pa habang ang Hebigat naman ay para sa mga bigatin na tumitimbang ng mula 100 kilo o higit pa. Ang mga sumali rito ay pinagsumite ng kani-kaniyang *medical certificate* para matiyak na ligtas silang sumali sa kumpetisyon at hindi sila malalagay sa panganib.



Tumanggap ng premyong tig-P5,000.00; P3,000.00 at P2,000.00, ang mga nanalo sa bawat kategorya. Ipinamigay rin dito ang iba pang espesyal na papremyo at walang natalo rito, ika nga, sapagkat ang lahat ng *finishers* ay pinagkalooban ng tig-P200.00. Libre ang naging pagpaparehistro para makasali sa naturang kumpetisyon, kung saan ang mga naging interesado at nakasali rito ay una nang nakipag-ugnayan kina Romil C. del Moro, Edgardo 'Boy' Reyes at Pidong Golez ng Radyo ng Bayan.

Ang *Gov. Egay Tallado Cycling Competition (Governor's Cup)* ay pangkalahatang pinangasiwaan ni *Provincial Legal Officer Atty.* Sim O. Mata Jr. bilang *race manager.* ***LT-IBASCO***

# 21 barangay narating ng Multi Services/Special Caravan sa buwan ng Hulyo

Patuloy ang arangkada ng *APRUB KA EGAY* Multi-Services Caravan sa ibat-ibang sulok ng lalawigan sa katunayan ngayong buwan ng Hulyo ay 21 barangay ang nararating nito.

Batay sa talaan, umabot ng 6,229 na tao ang nakinabang sa ibat-ibang serbisyo na hatid ng caravan. Ang bawat opisina o komitibang nakatalaga sa bawat serbisyo ay inililista ang pangalan at bilang ng taong tumanggap ng serbisyo. Isinusumite ang kabuuang ulat sa Community Affairs Office na siya naming magsasama nito upang makita ang kabuuang bilang ng napaglingkuran at matanto din ang "impact" ng Multi-services caravan.

Pinakamalaking bilang ang nagpapakunsulta at nabibigyan ng kaukulang gamut. Umabot naman sa 1509 ang nagpabunot ng ngipin.

Ang *APRUB KA EGAY* ay akronim para sa mga sumusunod na kataga: ***A****ktibong* ***P****amahalaan* ***R****esponsableng* ***U****tusan ng* ***B****ayan* ***K****abuhayan at Turismo;****A****grikultura at* ***E****dukasyon,* ***G****amot at Kalusugan* ***A****gham at Teknolohiya* ***Y****amang Pangkalikasan*

*Tampok sa multi-services caravan ang mga serbisyong medical tulad ng pagpapakonsulta, pagbibigay ng kaukulang gamut, pagpapabunot ng ngipin, pagbibigay ng reading glass; pangtulong sa kabuhayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tilapia fingerlings; mga pananim, pagpapaganda tulad ng libreng gupit, tina, hot oil; pagpapakain ng lugaw at marami pang iba.*

*Bukod dito ay namimigay din Si Gob. Edgardo A. Tallado kasama ang kanyang maybahay na si Gng. Josie B. Tallado ng tsinelas at school bags at school supplies sa ma day care pupils. R. Avila*

***July 6, 2012***
**Poblacion, Capalonga**
**Alayao, Capalonga**
**Magsaysay, Capalonga**

***July 7, 2012***
**(Special Caravan)**
**San Isidro, Talisay**
**Sta. Elena, Talisay**

***July 9, 2012***
**Kalabasa, Labo**
**Pag-asa Labo**

***July 13, 2012***
**Pamorangon, Daet**
**Magang, Daet**

***July 14, 2012***
**(Special Caravan)**
**Jose Panganiban**
- **Pag-asa**
- **Sta. MilagrosA**

***July 16, 2012***
**(Special Caravan)**
**Jose Panganiban**
- **North Poblacion**
- **South Poblacion**

***July 17, 2012***
**Jose Panganiban**
- **Plaridel**
- **Luklukan, Norte**

**July 20, 2012**
**Malaguit, Paracale**
**Palanas, Paracale**

**July 27, 2012**
**Catangdunganon, Mercedes**
**Tacad, Basud**
**Hinampacan, Basud**

# PROVET nagsasagawa ng Artificial Insemination

Patuloy ang isinasagawang dilikas na pagpapalahi o artificial insemination sa mga barangay na may alagang baka at kalabaw sa pamamagitan ng tanggapan ng Provincial Veterinary Office (ProVet) ng pamahalaang panlalawigan.

Ayon kay Provincial Veterinarian Dr. Edgardo S. Gonzales, public information officer, ito ay bukod pa sa alagang baboy na kanilang binigyan ng artificial insemination na nagkaroon ng magandang kalidad o lumaki ang hayop na nagbibigay ng higit na karne.

Dagdag pa niya, ang semilya o semen straw sa baka na ginagamit ay Brahman o Holstein-Freisian samantalang Murrah Buffalo naman sa kalabaw.

Magagamit din ang mga alagang hayop sa mga gawaing pambukid at makapagtataguyod ng produksiyon ng gatas sa lalawigan ng Camarines Norte.

Ang mga baka at kalabaw ay dapat na nasa edad 2 at kalahating taon (2 ½ years old) upang mabigyan ng libreng artificial insemination para sa magandang lahi nito, ayon pa rin kay Gonzales. Ang baka ay magsisilang sa loob ng 285 na araw at 315 araw naman sa kalabaw.

Ang tanggapan ng Panlalawigang Beterinaryo ay may nakaimbak na 379 straw semen ng Brahman at 236 sa Murrah Buffalo para sa mga interesadong nagaalaga ng hayop ay maaari silang makipagugnayan sa ProVet ng Daet District II at sa extention office nito sa Elevated Plaza, Labo District I.Ang semilya o semen straw ay mula sa bansa ng Belgium, Australia, Estados Unidos at New Zealand sa pakikipagtulungan ng National Dairy Authority at Philipine Carabao Center.

Batay sa kanilang talaan mula Enero hanggang Hunyo ngayong taon, nakapagbigay ang tanggapan ng Provet ng straw semen sa pamamagitan ng artificial in-

*(Sundan sa pahina 6)*

# Brgy Food Terminal sa Sabang Vinzons, sinangkapan

Tumanggap noong Hulyo 13 ng iba't ibang kagamitan para sa pagpapaunlad ng negosyo ang bagong Barangay Food Terminal, ang Sabang Vinzons Fish Processors Association, ng bayan ng Vinzons dito sa lalawigan.

Kabilang sa mga kagamitan ang imbakan para sa matagal na proseso, timbangan, mga matitibay na lalagyan, panggiling para sa bigas, niyog, at karne at iba pang mga kasangkapan na umaabot sa halagang P95,539.

Ayon kay Provincial Barangay Food Terminal Coordinator Susana R. Cereno, agriculturist ng Office of the Provincial Agriculturist (OPAg), ito ay nakakatulong sa barangay para sa mga pangunahing bilihin na mabibili sa murang halaga at dagdag na hanapbuhay o pagkakakitaan.

Ayon pa rin kay Cereno, ang mga mamimili ay hindi na kailangang pumunta pa ng bayan o palengke dahil ang mga magsasaka ay dito na dinadala ang kanilang mga produktong pang-agrikultura.

Dagdag pa niya, siyam na ang food terminal sa lalawigan ng Camarines Norte na nagdadala ng mga produktong pang-agrikultura mula sa mga magsasaka upang ibenta sa mga mamimili sa barangay.Kamakailan din ay tumanggap ng 50 sako ng bigas ang tatlong terminal para sa dagdag na puhunan ang barangay Maulawin ng bayan ng Sta. Elena; barangay Guinacutan at Banocboc ng bayan ng Vinzons na nagkakahalaga ng P62,500 o kabuuang P187,500.

Ang Barangay Food Terminal ay binuo sa pakikipagtulungan ng mga lokal na pamahalaan at pribadong sektor at ng OPAg ng pamahalaang panlalawigan na sumusuri kung angkop ang proyekto sa lugar at inaalam ang kalagayan ng operasyon ng negosyo at tumutulong sa paggawa ng mga proyekto.

Layunin nito na mailapit ang mga nagdadala ng produktong pang-agrikultura sa mga mamimili ng barangay at makabili sa mababang halaga ganundin mabawasan ang iba't ibang pamamaraan ng bilihan sa pamamagitan ng programa at madagdagan ang kanilang produkto at pagkakakitaan. (MAL/ROV-PIA5, Camarines Norte)

# 13,320 forest tree seedlings na ang naipamahagi ng PG-PENRO

Bilang paghahanda sa inaasahang pagdagsa ng mga mangangailangan ng mga pananim na punongkahoy sa paparating na tag-ulan, ang *PG-PENRO* sa pamamagitan ng *Forestry Seedling Production and Tree Planting Program (FSPTPP)* nito ay nagpatubo ng sapat na dami ng mga pananim upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.

Batay sa imbentaryong isinagawa kamakailan ni Christopher T. Obra, *Environmental Management Specialist II* ng *PG-PENRO* sa *Basud Nursery*, may kabuuang 35,000 na ang mga pananim na may katamtaman o sapat na ang laki upang itanim. Ito ay kinabibilangan ng Narra, Mahogany, Kamagong, Dancalan at Kape bukod pa sa mga bagong pinatutubo na ililipat sa mga *plastic bags* na tinatayang may daming 2,000.

Samantala, simula Enero hanggang Hunyo 2012, umabot na sa 13,320 ng iba't-ibang *species* ng *mga forest tree seedlings* ng *Provincial Environment and Natural Resources Office (PG-PENRO).* Ang mga pananim ay ipinagkaloob sa mga tanggapang pampubiko, pampribado at indibidwal na mamamayan para sa kani-kanilang *tree planting projects.* Kabilang dito ang mga pananim na punongkahoy na naipamahagi sa iba't-ibang barangay at bayan sa buong lalawigan sa serye ng Aprub Ka Egay sa Serbisyo Publikong Tunay *Provincial Multi-Service Caravan* na isinagawa ni Gob. Edgardo A. Tallado sa iba't-ibang barangay.

Ang mga gawaing ito ng pamahalaang panlalawigan ay tumutugon at naaayon sa *National Greening Project (NGP)* ni Pangulong Benigno Simeon 'PNoy' C. AquinoII. Ito ay isang pakikiisa, makabuluhang pamamaraan at ambag ng lalawigan sa adhikain ng bansa na maisaayos ang kapaligiran at maibalik ang nawala at lubhang nasisira nating kagubatan dahil sa pagkakaingin ng mga kapatid nating magsasaka sa kabundukan; walang awing pamumutol ng punongkahoy ng mapagsamantalang mga *illegal loggers*, malawakan at walang pakundangang pagtotroso ng mga *logging concessionaires* sa nakaraang mga panahon. ***(G.C.Binay)***

# Pasisimulan FMR Capacuan, Paracale

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 3 DAET, CAMARINES NORTE HULYO, 2012
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

P*inangunahan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado noong Hul-yo 12, 2012 ang ground-breaking ceremony* ng *farm-to-market road (FMR) project* sa Brgy. Capacuan, Paracale na kabilang sa 26 *sub-projects* na nasa ilalim ng *Agrarian Reform Community Project 2 (ARCP 2).*

*Sa mensahe ni Gob. Tallado sa okasyon, sinabi nito na hindi lamang maayos na kalsada ang hatid ng may 2-kilometrong FMR project* sa mga taga-Brgy. Capacuan kundi maging trabaho rin. Ipinahayag ng gobernador na sa pamamagitan ng proyekto, magiging mabilis na ang paglalabas ng mga produktong pang-agrikultural at maiiwasan pa ang kanilang pagkabulok o pagkalanog habang ibinibiyahe dahil kongkreto at patag na ang kanilang daanan.

*Idinagdag ng gobernador na mas maraming kalsada ang ipaku-kongkreto niya sa mga darating na araw gayundin ang konstruksyon ng mga tulay sa iba't-ibang bayan ng lalawigan.*

*Ang mga barangay rin dito sa Camarines Norte na matagal nang nagtitiis sa dilim ay pagliliwanagin ni Gob. Tallado sa pamamagitan ng electrification projects* na dadalhin niya sa mga barangay.

*Ipinahayag ng isang opisyal ng Department of Agrarian Reform (DAR)* dito na sa 26 na proyekto, 8 na ang natapos at isasailalim ng kanilang tanggapan sa *final inspection*. Layunin ng *ARCP 2* na mabawasan ang antas ng kahirapan sa mga kanayunan sa pamamagitan ng mga proyektong pang-imprastraktura at iba pang pagawaing-bayan.

*Ang ARCP 2* ay isa lamang sa maraming proyekto na naging bunga ng pagsisikap at

(Sundan sa pahina 2)

# PPOC tinalakay ang milyon-milyong halagang proyekto sa Camarines Norte

Tinalakay ng Provincial Peace and Order Council (PPOC) noong ika-21 Hunyo 2012 sa Session Hall ng pamahalaang panlalawigan, ang proyektong "Payapa at Masaganang Pamayanan" (PAMANA) Pillar 3 sa lalawigan ng Camarines Norte.

Sa pagpupulong ay isinagawa ang pagbuo ng Provincial Technical Working Group (PTWG) at pagtatalaga ng focal person na mangangasiwa sa pagpapatakbo ng programa.

Matatandaan na nitong nakaraang taon naglaan ang Office of the Presidential Adviser on Peace Process (OPPAP) sa proyektong PAMANA ng P140 milyon para sa pagsasagawa ng mga kalsadang farm to market sa mga bayan ng Labo, Mercedes at Jose Panganiban na pinondohan mula sa stimulus fund ni Pangulong Aquino.

Layunin ng proyektong PAMANA na gumawa ng mga inprastraktura sa mga malalayong barangay upang makaagapay sa hanapbuhay ng mga magsasaka at mangingisda sa pagdadala ng kanilang mga produkto sa mga pamilihan at ganon din matamo ang katahimikan sa mga barangay.

Ngayong taon naglaan ng pondong P20 milyon para sa mga proyektong tutukuyin o ipopropose ng mga lokal na pamahalaan na gaya ng day care center, health center, kalsada at iba pang imprastraktura.

Ang naturang programa ay sa pakikipagtulungan ng pamahalaang panlalawigan kung saan sila ang namahala sa implementasyon ng mga proyektong PAMANA.

Sa naturang pagpupulong na ipinatawag ni

(Sundan sa pahina 6)













Mga larawan ng ground breaking ceremony ng FMR





Si Gob. Edgardo A. Tallado sa kanyang pagbibigay ng mensahe sa mga mamayan ng barangay Capacuan . Nagbigay din ng mensahe ang panauhin mula sa DAR na si Engr. Raul Azansa (nakacheckered na polo) at si Punong Barangay Ramon L. Narvarte (sa itaas na larawan) na labis-labis ang pasasalamat.